# Pagbuo sa Pagitan ng Atensyon

**1. Paghahanda sa kapaligiran:**

a) Pumili ng tahimik na parte ng silid.
b) Alisin ang mga bagay na nakakagambala i) isara ang telebisyon ii) gumamit ng posters sa pagharang iii) istante ng libro, likod ng sopa
c) Ihanda sa ayos pambata ang lugar, may pambatang upuan at lamesa. (hal: mesang pangkape o mesang pambata)
d) Gumamit ng trey o "placemats" para may sukatan ang lugar na paggagawaan.
e) Isaayos na ang mga laruan bago mag umpisa ang bata.
f) Gumamit ng mga "completion toys" (tingnan ang mga sumusunod na paliwanag) (hal.: pagsingit ng "puzzle", pagpatong patong na mga argolya, "shape sorter"

**2. Paghimok sa bata na sumali sa laro:**

a) Bigyan ng senyas ang bata na ang oras ng paglalaro ay mag uumpisa na, halimbawa: salitang paalala, o kumpas ng kamay o katawan)
b) Bigyan ng kapirasong gawain ang bata, halimbawa: isa ang pagsalansan ng argolya, o larawan na gagawin na dadalhin sa mesa.
c) Umawit ng "transition song" habang sinasamahan ang bata patungo sa mesa. Halimbawa: "Oras na para umupo sa mesa", sa himig ng "The Farmer in the Dell".

**3. Oras ng Paglalaro:**

a) Para ipakita sa bata ang dapat gawin, tapusing ikumpleto ang unang bahagi ng gawain; halimbawa: ilagay ang mga unang bahagi ng "puzzle".
b) Tulungan ang bata kung kinakailangan, para makumpleto ang ginagawa. Halimbawa: gabayin ang kamay ng bata.
c) Unti-unting dagdagan ang oras ng bata sa pag-upo sa mesa na kasama ang matanda. Umpisahan sa maikling sandali, halimbawa, 30 segundo.
d) Kung gusto pa ng bata na maglaro, hayaang ulitin ang ginagawa.
e) Kung ang bata ay nawalan ng interes bago o pagkatapos ng takdang oras na inilaan, ipatapos ang unang bahagi ng ginagawa hanggang sa ito ay matapos. Ito ay magiging positibong pananaw ng bata sa mga gawain at matutuhan niya rito ang limitasyon sa oras na itinakda ng matanda.